Sa isang kagipitan, tumawag sa Triple Zero (000)

Upang makontak ang pulis, bumbero o ambulansya sa isang kagipitan tumawag sa Triple Zero (000) mula sa anumang telepono sa Australlia. Ang mga tawag ay libre.

000

EMERGENCY

Kailan maaaring tumawag sa Triple Zero (000)
Dapat ka lamang tumawag sa Triple Zero (000) kung ikaw ay nasa mga kalagayang nanganganib ang buhay o nasa kritikal na sitwasyon kung kailan kinakailangan ang kagyat na pagtugon mula sa pulis, bumbero o ambulansya.

Ano ang mangyayari kung ako ay tatawag sa Triple Zero (000)?
Tatanungin ng opereytor kung anong serbisyong pangkagipitan ang kailangan mo—pulis, bumbero o ambulansya—at ikaw ay ikokonekta. Maaari ding tanungin ng opereytor kung saan ka tumatawag.

Paano kung ako ay nahihirapang magsalita ng Ingles?
Kung ikaw ay nahihirapang magsalita ng Ingles, maaari kang humiling ng interpreter kapag ikaw ay nailipat na sa iyong hiniling na serbisyong pangkagipitan. Hindi ka kailangang magbayad para sa interpreter.

Kapag ikaw ay tumawag sa Triple Zero (000), manatiling kalmado, manatili sa linya at sagutin nang malinaw ang mga tanong ng opereytor.

www.triplezero.gov.au

Australian Government

acma
Australian Communications and Media Authority